

Ang Palengke ng mga Magsasaka sa Brampton ay bumabalik sa summer na ito sa bagong lokasyon

BRAMPTON, ON (Mayo 28, 2021) – Magbabalik ang Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton para sa 2021 season sa Hunyo 19 sa isang bagong downtown na lokasyon.

Bilang paghihintay sa downtown redevelopment sa panahon ng market season, muling lilipat ang Palengke sa Ken Whillans Square, Wellington Street West atd Gage Park. Patuloy na tatakbo ang palengke sa mga Sabado, mula 8 am hanggang 1 pm, maulan o maaraw hanggang sa Oktubre 23. Marami sa mga paboritong magsasaka at lokal na mga artisan ang babalik sa pag-aalok ng sariwang aning seasonal produce; naghanda ng mga pagkain at katangi-tanging gawang kamay na mga paninda!

Kalusugan at mga Pangkaligtasang Pamamaraan sa COVID-19

Titiyakin ng staff ng Lungsod na ang palengke ay pinapatakbo ayon sa mga direktiba at patnubay sa COVID-19 ng Public Health ng Lalawigan at ng Rehiyon ng Peel. Ang lahat ng mga nagbebenta at namimili sa palengke ay inaatasang magsuot ng face mask. Ipinapatupad din ang paglayo mula sa iba at ang mga bilang ng maximum na occupancy

Pagpunta sa Palengke

Ang palengke ay naroroon pa rin sa downtown area ng Brampton at maa-access ng Brampton Transit o sa pamamagitan ng bisikleta. Para sa mga nagdadrayb papunta sa palengke, pwede ang libreng pagparada sa City Hall ng Brampton.

Ini-isponsor ng

Ang Palengke ng mga Magsasaka sa Brampton ay ipinipresenta ng Meridian Credit Union. Ang mga corporate na isponsor ng Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton ay ang: Algoma University, Allstate at Spirit of Math Brampton.

Para sa up-to-date na impormasyon tungkol sa palengke sa taon na ito, bisitahin ang www.brampton.ca/markets

Mga Quote

“Ang pagdalo sa Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton ay isang tradisyon para sa mga pamilya mula 1986 at isang tradisyon na ikina-e-enjoy ng aking pamilya bawat umaga ng Sabado. Kahit na ito ay isang bagong lokasyon, pareho pa rin itong magandang palengke kasama ang marami sa ating paboritong mga magsasaka at artisan! Hinihikayat ko ang mga taong saliksikin ang ating palengke at suportahan ang lokal.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Habang nagsisimulang makabawi ang Lungsod ng Brampton mula sa pandemya ng COVID-19, ang Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton ay naghahandog ng pagkakataon para ang mga residente at mga panauhin ay makadalaw sa isang lokal na atraksyon ng turista at suportahan ang mga lokal na vendor!”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang paglipat ng Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton sa bagong lokasyon ay makapagpapasimula sa Lungsod ng Brampton sa mga pagkukumpuni para suportahan ang redevelopment sa downtown area para patibayin ang Innovation District; tulungan ang Algoma University na palakihin ang bakas nito; at, suportahan ang Proyekto ng Hurontario Light Rail Transit (LRT).”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca